# DOLE-ABOT KAMAY ANG PAGTULONG FOR OFWS (DOLE-AKAP)

## FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (FAQ) FOR TFWS IN British Columbia, Alberta, Saskatchewan, The Yukon and Northwest Territories

# ANO ANG DOLE-AKAP?

Ang DOLE-AKAP ay Financial Assistance program na inilunsad ng Philippine Department of Labor and Employment o DOLE para sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19.



# ANO ANG LAYUNIN NG DOLE-AKAP?

Ang pangunahing layunin ng DOLE-AKAP ay para magbigay ng pinansiyal na ayuda sa mga OFW sa iba't ibang bansa na nawalan ng trabaho sa COVID-19.

Higit sa lahat, nais ng DOLE na ilaan ang pinansiyal na ayuda sa mga OFWs na higit na nangangailangan dahil sa kawalan ng tulong mula sa kanilang employer o sa pamahalaan ng bansang pinagtatrabahuan.



# MAGKANO ANG MAKUKUHANG FINANCIAL ASSISTANCE?

Ang mga covered at qualified OFWs ay makakatanggap ng one-time financial assistance sa halagang USD200.oo o ang katumbas nito sa local currency ng bansang pinagtatrabahuan.

# SINO ANG COVERED NG DOLE-AKAP?

Landbased o seabased workers na:

- documented or regular - ibig sabihin nito, na process or na-verify ng POEA or POLO ang employment contract ng worker
- OR dating documented worker na naging undocumented worker (i.e. dating na-process ng POEA or POLO ang contract of employment ngunit hindi nakapagpa-verify uli ng kontrata nang pagpalit ng trabaho; overstaying / expired working visa)
- OR undocumented worker na gumawa ng aksyon para i-regularize ang kanilang status/ contract of employment
- OR undocumented worker na active OWWA member sa oras ng pag-apply sa DOLE-AKAP Program

# SINO ANG QUALIFIED NA MAG-APPLY FOR DOLE-AKAP?

- Dapat nawalan ng trabaho dahil sa lockdown, community quarantine or pagkakasakit ng COVID-19;
- Dapat nasa jobsite; or nasa Pilipinas bilang Balik-Manggagawa at hindi nakabalik sa jobsite dahil sa COVID-19; or narepatriate sa Pilipinas dahil sa COVID-19; at
- Dapat hindi nakatanggap ng sweldo or financial support mula sa employer; or hindi qualified na makatanggap sa ilalim ng alinmang social welfare program covering general unemployment and / or other social welfare program ng bansang pinagtatrabahuan dahil sa COVID-19.

# PAANO MAG-APPLY NG FINANCIAL ASSISTANCE SA DOLE-AKAP?

Para sa mga Temporary Foreign Workers sa British Columbia, Alberta, Saskatchewan, Yukon at Northwest Territories, maaring ipadala ang requirements sa vancouverakap@gmail.com

# PAANO MAG-APPLY NG FINANCIAL ASSISTANCE ANG OFW NA WALA NA SA JOBSITE AT NASA PILIPINAS NA?

Maaring mag-apply online ang mga OFW na nasa Pilipinas (bilang Balik-Manggagawa at hindi nakabalik sa jobsite dahil sa COVID-19; or narepatriate sa Pilipinas ng employer dahil sa COVID-19).

Bisitahin lamang ang website na www.dole-akap.owwa.gov.ph upang malaman ang mga hakbang para sa proseso ng pag-aapply.

# ANU-ANO ANG MGA DOKUMENTONG KAILANGANG ISUMITE PARA MAKA-AVAIL SA DOLE-AKAP?

# Ang mga sumusunod na dokumento ang kailangang isumite sa POLO:

- Accomplished Application Form (Annex A);
- Copy of valid passport;
- Copy of POLO Vancouver verified Employment Contract or OEC (for Balik Manggagawa);
- Copy of valid Canadian Work Permit;
- Copy of Canadian Work Visa;
- Copy of complete LMIA/ Nomination Certificate;
- Proof of OWWA Membership (if available).
- Certification executed and signed by the employer attesting to the loss of employment;
- Attestation signed by the worker and the employer that no similar financial assistance has been received by the worker from the Federal/ Provincial government or from the employer (Annex B).

- Maari ring manghinging dagdag na dokumento ang POLO, depende sa assessment ng application; at
- Para sa mga undocumented workers, maari rin manghinging alternatibo o katumbas na dokumento ang POLO.

# PAGKA-SUMITE NG APPLICATION, PAANO MALALAMAN NG APPLICANT NA NATANGGAP ANG APPLICATION NILA?

Makakatanggap ang aplikante ng notice sa kanilang email na natanggap na ng POLO ang kanilang application at sisimula nang i-process at i-verify ang mga impormasyon at dokumentong isinumite.

Siguraduhin na valid e-mail address ang inilagay sa application form upang makatanggap ng e-mail confirmation of receipt of application at iba pang komunikasyon ukol sa estado ng inyong application.

# GAANO KATAGAL ANG PAGPROSESO NG APPLICATION?

Mula sa pagkatanggap ng application,
sisimulan na ang pag-proseso ng
application. Maaring tawagan ng POLO ang
aplikante para i-verify or i-validate and mga
impormasyon at dokumentong isinumite o
kung mayroon mang karagdagang
katanungan.

Ang proseso ay aabot ng 5-10 working days.

# LAHAT BA NG MAG-AAPPLY AY AUTOMATIC NA MAKAKATANGGAP NG USD200.00 FINANCIAL ASSISTANCE?

Ang mga covered at qualified OFWs lamang ang makakatanggap ng financial assistance provided makapagsubmit ng kumpleto at makatotohanang dokumento.

Ang pagbigay ng financial assistance ay depende din sa availability of funds.

# VANCOUVER, CANADA

Kung ikaw ay TFW na nagtatrabaho sa British Columbia, Alberta, Saskatchewan, Yukon and Northwest Territories maaring mag-apply ONLINE sa

vancouverakap@gmail.com

Kung mayroong mga katanungan patungkol sa DOLE AKAP, maaring makipag-ugnayan sa POLO Vancouver sa

vancouverakap@gmail.com o sa https:/ / www.facebook.com/ POLOVancouver